

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inanunsyo ng Brampton ang unang Pambuong Lungsod na Programa sa Hardin sa Likod-Bahay sa Canada bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Abril 16, 2020) – Kahapon, inilunsad ng Lungsod ang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay (Backyard Garden Program) isang bagong eco-friendly na inisyatiba para makatulong sa pagsuporta sa seguridad ng pagkain sa ating lungsod, at hinihikayat ang mga residente na maging aktibo sa bahay sa panahon ng COVID-19 emergency. Ang Lungsod ng Brampton ang unang munisipalidad sa Canada para maglunsad ng pambuong lungspd na inisyatiba para suportahan ang mga residente sa pagpapalaki ng kanilang sariling mga hardin bilang tugon sa COVID-19.

Ang bagong Programa sa Hardin sa Likod-Bahay ng Brampton ay pinangangasiwaan ng Konsehal ng Lungsod na si Doug Whillans, Wards 2 at 6, kaakibat ng Parks Maintenance and Forestry ng Lungsod, at kabibilangan ng mga partner sa komunidad kung kailangan.

Sa ginagawang pamamaraan na paglayo mula sa iba, ang programa na ito ay humihimok sa mga residente na magtanim ng mga produkto at mga herb mula sa ginhawa ng kanilang sariling mga bahay, at i-donate ang kanilang sariling mga pananim na pinapatubo sa bahay sa mga lokal na food bank at mga samahan ng komunidad. Para matiyak na ang pagkain ay patts na ipinamahagi sa mga nangangailangan, ibibigay ang mga request form para punan ng mga food bank at mga samahan.

Ang inisyatibang ito ay sumusuporta sa pokus ng Task Force ng Mayor sa Suporta sa Lipunan sa seguridad sa pagkain at muling kinumpirma ang prayoridad ng Lungsod na maging isang sustainable na Lungsod na Nangangalaga sa Kapaligiran.

Ang bagong Programa sa Hardin sa Likod-Bahay, kung saan ang mga residente ay maaaring magpatuloy na manatiling aktibo at manganga laga sa kapaligiran, ay isang ekstensyon ng umiiral na programa sa mga Hardin sa Komunidad.

Ang mga residente ay maaaring humingi ng libreng mga suplay (lupa at mga butil) sa pamamagitan ng pag-email sa BramptonGreenCity@brampton.ca. Magbabahagi rin tayo ng mga tutorial at tip sa kung paano imintina ang mga hardin sa ating website sa www.brampton.ca/parks.

Sa ika-50 anibersaryo ng Earth Day na malapit na (Miyekules, Abril 22), ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga residente na mag-ambag sa agrikultura ng lungsod, magbigay sa komunidad, at tulungan ang Brampton na magiging mas malusog, resilient, at lungsod na sustainable sa kapaligiran. Narito ang ilang [tip](#) para ipagdiwang ang Earth Day sa bahay.

Kailangan ang mga donasyon

Kung ikaw ay isang negosyo na maaaring mag-donate ng lupang panghardin at mga pananim na gulay at mga butil sa Lungsod, paki-email sa BramptonGreenCity@brampton.ca.

Para sa mga pinakabagong update sa kung ano ang ginagawa ng Lungsod ng Brampton sa panahon ng sitwasyon ng COVID-19, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19.

Mga Quote

“Ang pagsuporta sa ating mga residente at mga pangkat sa komunidad sa panahon ng pandemic na ito ay ang pangunahing prayoridad natin. Ang ating Task Force sa Suporta sa Lipunan ay nagsisikap nang mabuti para magbigay ng kinakailangang suporta sa pagkain sa mga mahihinang komunidad ng Brampton at nagbibigay-kapangyarihan sa mga residente na sumali sa mithiing ito at magtanim ng sariwang produksyon sa kanilang mga likod-bahay. Sa suporta ng mga residente ng Brampton, nilalayan natin na maglunsad ng 1,000 bagong mga hardin sa pamamagitan ng programa na ito, Magkasama, makakatulong tayo sa pagpapababa ng pressure sa ating mga food bank, habang nananatiling aktibo at itinataguyod ang dangal ng komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napaka-matagumpay ng ating programa sa Hardin sa Komunidad, at kahit na maaaring hindi magagawang patakbuhin ang mga hardin ng komunidad sa kaparehong paraan dahil sa ginagawang pamamaraan ng paglayo mula sa iba, nararapat lamang na direktso nating dalhin ang programa sa mga residente. Ang programang ito ay humihikayat sa lahat ng residente na gumawa ng hardin, mag-enjoy sa mga outdoor habang nag-isolate, at magbigay sa mga matatanda sa ating komunidad at sa mga nangangailangan.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 & 6, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay kilala bilang Flower City at nitong panahon na mahirap, committed ang staff ng Lungsod na ipatupad ang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay para suportahan ang mga residente na manatiling aktibo habang nananatili sa bahay, na dini-debelop ang Brampton bilang isang Lungsod na Nangangalaga sa Kapaligiran o Green City na isang mahalagang prayoridad sa Tuntunin ng Konseho, at nag-aambag sa seguridad ng pagkain sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca